

# Paggamot sa COVID-19

## IKAW BA AY NANGANGANIB MAGKAROON NG MALUBHANG COVID?


Maaring magkaroon ng  
paggamot upang  
matulungan ang mga taong  
nanganganib ng  
malubhang sakit.

# PROGRAMANG TEST TO TREAT (SURIIN PARA GAMUTIN)

Ang Test to Treat ay isang bagong programang makakatulong sa mga nangangailangan ng pagsusuri at pangmadaliang libreng paggamot kung magpositibo sila sa COVID-19.

Walang bayad ang paggamot anuman ang insurance (seguro sa kalusugan) o estado ng imigrasyon.

Ang paggamot ay dapat gawin sa loob ng limang araw pagkatapos magkaroon ng mga sintomas ng COVID-19.



# MGA PAMANTAYAN NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Ipapaalam sa iyo ng isang tagapangalaga ng kalusugan kung maaari kang makatanggap ng paggamot base sa

- ✓ Antas ng iyong panganib na magkaroon ng malubhang COVID-19
- ✓ Kasalukuyang mga gamot
- ✓ Naunang medikal na kasaysayan
- ✓ Edad (para sa edad 12 pataas at may timbang na hindi bababa sa 88 pounds/40 kilos)



# PAANO AKO MAKAKATANGGAP NG PAGGAMOT?

- Makipag-usap muna sa iyong tagapangalaga ng kalusugan. Ang iyong tagapangalaga ay maaaring magbigay sa iyo ng isang reseta na maaaring punan sa mga kalahok na parmasya o kahit saan na magagamit ang mga antiviral
- Kung wala kang tagapangalaga ng kalusugan o hindi makikita sa loob ng 48 oras, makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Kalusugan sa Estado ng Washington sa 1-800-525-0127, pagkatapos ay pindutin ang # o pumunta sa [doh.wa.gov/Covid19Telehealth](https://doh.wa.gov/Covid19Telehealth) para mag-iskedyul ng libreng telehealth appointment, magagamit sa 240 na wika. Maaaring bumisita sa telepono ang mga pasyenteng hindi makakagawa ng pagbisita sa video.
- Dalhin ang iyong resulta ng pagsusuri mula sa isang pagsusuri sa bahay (antigen) o isang lugar ng pagsusuri sa iyong pagbisita sa telehealth.



# MGA MADALAS NA KATANUNGAN

## TANONG:

**Anong mga uri ng gamot ang makukuha sa pamamagitan ng programang Test to Treat?**

## SAGOT:

Kasama sa programang Test to Treat ang dalawang klase ng oral antiviral pills – Paxlovid (Ritonovir-boosted Nirmatrelvir) ng Pfizer at Lagevrio (Molnupiravir) ng Merck. Ang agarang pag-inom ng mga gamot na ito pagkasimula pa lamang ng mga sintomas ay makakatulong para makaiwas sa malalang sakit at pagkakaospital. Dapat inumin ang gamot sa loob ng limang araw pagkatapos magsimula ang mga sintomas.

## TANONG:

**Paano gumagana ang oral antiviral na gamot**

## SAGOT:

Ang paggamot ng oral antiviral ay tutulungan ang iyong katawang labanan ang COVID-19 sa pamamagitan ng pagpigil sa pagdami ng bayrus sa iyong katawan, pagpapababa sa bilang ng bayrus sa iyong katawan, at pagtulong sa iyong resistensya.

# MGA MADALAS NA KATANUNGAN

## TANONG:

**Ano pang mga gamot sa COVID ang magagamit ngayon?**

## SAGOT:

Habang hindi kasalukuyang inaalok sa pamamagitan ng programang Suriin upang Gamutin (Test to Treat), ang mga pasyenteng may nakompromisong sistema ng imyunidad ay maaaring maging karapat-dapat na tumanggap ng gamot na Evusheld upang makatulong na maiwasan ang COVID.

Tanungin ang iyong tagapangalaga ng kalusugan kung kwalipikado ka para sa Evusheld.

# KARAGDAGANG KAALAMAN

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang Test to Treat o para hanapin ang pinakamalapit na lokasyon para sa programa, magtungo sa [aspr.hhs.gov/TestToTreat](https://aspr.hhs.gov/TestToTreat).

